Pangalan: ____________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Pagsulat ng Talambuhay, Talatang Nagsasalaysay, at Tula

**I. Panuto:** Tukuyin kung **Tama** o **Mali** ang sumusunod na pahayag. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

_________1. Ang talambuhay o biyograpiya ay isang anyo ng panitikang naglalaman ng mahahalagang pangyayari sa buhay ng isang tao.

_________2. Ang talatang nagsasalaysay ay binubuo ng mga pangungusap na naglalarawan.

_________3. Elemento ng talambuhay, talatang nagsasalaysay, at tula ang mahahalagang paksa na pinagtuonan ng modyul na ito.

_________4. Ang paksa ng tula, maging pansarili man, ay kinakailangang may halaga sa kapuwa at lipunan.

_________5. Ang tulang may sukat at tugma ay hindi tradisyonal na anyo ng tula.

**II. Panuto:** Sagutin ang sumusunod na katanungan ukol sa mga araling natutuhan. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

6. Kung ang tula ay may sukat at tugma, anong salita ang dapat ilagay sa patlang?

*Ang pag-ibig tila batis,*

*Tubig nito ay* ________

a. malinis b. sisirin c. maputi d. dalisay

7. Ilan ang sukat ng mga taludtod sa bilang 6?

a. 7 b. 8 c. 9 d. 10

8. Kung ang tula ay malayang taludturan at may talinghaga. Alin ang salitang dapat ilagay sa patlang?

*Ikaw ang aking tagapagligtas,*

*Dumadayo sa aking* ____________

a. panaginip b. bahay c. lugar d. opisina

9. Ilan ang pantig ng unang taludtod sa bilang 8?

a. 8 b. 9 c. 10 d. 11

10. Alin ang hindi kabilang sa mga uri ng talambuhay?

a. Talambuhay na pansarili b. Talambuhay na pang-iba

c. Karaniwang talambuhay d. Nagsasalaysay na talambuhay